# ANG BAMPIRA SA HANGGANAN

U Z. Eliserio

Hindi naenjoy ni Christian ang dalawang taon niya sa senior high, dahil sa COVID. Sa kanilang school, ang Mataas na Paaralan ng Miguel Aldana, mistulang hari-harian ang mga grade 11 at 12. Wala siyang ibang pinangarap noong 2019 kundi ang araw na siya naman ang sasambahin ng mga sampid. Imbes, dalawang taon siyang kinailangang magtiis sa harap ng laptop, at namatay pa ang paborito niyang pusa. Kaya ang pasimuno ng pagbabakasyon, kahit na hindi galing sa kanya ang ideya. Magkokolehiyo na sila! Kailangan nilang ienjoy ang mga huling linggo ng pagiging senior high in style.

Hindi naman siya mayaman, kaya binara niya agad iyong ang suhestyon ay Singapore at Hong Kong. "Talaga, gusto n'yo pumunta sa maraming Chinese?" tanong niya sa mga kaibigan. Wala naman talaga siyang problema sa mga Chinese, pero alam niyang racist sina Randy at Gregorio. Agad naging 3 to 2 ang botohan, talo ang mga gustong mag-eroplano.

Saan ba daw niya gustong pumunta? Ayaw niya sa Bohol, o sa Vigan. Ayaw niya sa mga kilalang tourist destination, una dahil maraming tao sa mga iyon, at pangalawa dahil mahal sa mga lugar na iyon.

"Alam n'yo, may magandang kweba sa Arnaiz, sa Tuegegarao." Noon pa gustong pumunta ni Christian dito. Tubong-Tuegegarao ang tatay niya, at puno dati ang mga kwento nito ng pagbisita sa kwebang iyon para "kumonekta sa kabanalan."

"Tuegegarao? Sa North?" tanong ni Randy. "Ewan ko lang a. Ano naman gagawin natin sa kweba?"

"Pwede tayong mag-swimming!" sabi ni Christian. Hindi niya alam kung pwedeng mag-swimming sa kweba, pero alam niyang adik si Randy sa kweba. "Tsaka may mga paniki." Para kay Gregorio ang huling ito. Mahilig sa mga exotic na hayop si Gregorio.

"Paano 'yon, tinataehan ng mga paniki 'yung tubig?"

“Malaki iyong kweba, ano ba? Magkaibang parte iyong tubig at paniki.” Nag-bluff si Christian. “Pero kung ayaw n’yo, sige. Pero kayo mag-isip. Iyong maganda a, hindi generic lang.” Sinulyapan niya ang dalawang babae.

Kambal sina Debbie at Debra, at tulad ng lahat ng magkakapatid, palagiang nagbabarahan. Nagkaisa sila sa Singapore, pero dahil talo na ang proposal na iyon, hindi na rin nila maggawang magkampihan para sa kahit tungkol sa bakasyon nila. “Bakit hindi sa Pampanga?” tanong ni Debbie, o baka si Debra.

“Ano naman ang meron sa Pampanga?” sabi ng kapatid nito.

Hindi na sumagot si Debbie kay Debra, o si Debra kay Debbie.

“Sana man lang maganda itong kweba mo,” sabi ni Randy. Wala na silang choice. Malapit na ang Agosto, at hindi lang naman si Christian ang gustong mag-enjoy.

Hindi na rin alam ni Christian kung paano pa magpapakasaya. Nasubukan na niya ang lahat, pero wala talaga siya sa mood. Ginawa na nga niyang pagkagising pa lang sa umaga, nanonood na siya agad sa Netflix. Ginawa na niyang hanggang alas tres ng madaling araw naglalaro ng DotA. Nasubukan na niyang uminom ng beer, magsigarilyo. Nag-rock climbing na siya, nagyoga, nagbisikleta sa Quezon City Memorial Circle. Nagdyeta na siya, nag-vegetarian, nagketo. Pumunta na siya sa templong Buddhist, nakipagsayawan sa mga Born Again. Pumunta siya sa Tagaytay, at hindi naman natulungan ng Pink Sisters. Lahat nang ito ginawa niya nitong simula ng taon. Huling pag-asa na niya ang bakasyon kasama ang mga kaibigan niya mula pa noong grade 7.

Ang nakakatawa, mas madali pa silang kumbisihin kaysa tatay niya. Gabi na naman itong umuwi at dumiretso agad sa harap ng TV. Abogado ito para sa PAO, at laging mainit ang ulo. Gusto na nga nitong bumalik sa corporate world, pero napipigilan ng pride. Baka kasi mahiritan, re-resign-resign ka, tapos magmamakaawa ka ring tanggapin ulit.

“Tay,” sabi ni Christian, sabay abot ng beer.

“Hindi,” sagot ng tatay niya.

“Hindi n’yo pa nga naririnig!”

“Alam ko na kung ano ang sasabihin mo. Buong linggo ka nang nagpaparinig, hindi naman ako bingi. Hindi ang sagot.”

“Kayo naman kasi ang nagpasok sa utak ko nito.”

“Tingnan mo ito, ako pa sinisi. Ano na lang sasabihin ng nanay mo pag nalaman niyang pinayagan kita?” Nasa abroad ang nanay ni Christian.

“E di wag n’yong ipaalam. Ako rin, hindi ko ipapaalam.”

“Kunan mo na lang ako ng isa pang bote.”

Napaigtad si Christian. Ubos na pala ang kakaabot lang niya.

“Ako na lang nga. Matulog ka na lang, hindi magbabago ang isip ko.”

Umakyat na si Christian sa kwarto. Alam niyang hindi siya mananalo ngayong gabi. Sa kama, naisip niyang makipag-Zoom ulit, kay Randy o kay Debbie. Ang dalawa ang mas pasensyoso makinig sa mga problema niya sa buhay. Kaso, ayaw naman niyang hawaan ng lungkot si Randy. At si Debbie naman, baka isipin na nadadalas ang pagtawag niya, sabihin naman hindi pa siya over dito. Dalawang taon na silang break, pero ito pa rin ang pang-asar ng babae sa kanya. Malamang, sabi ni Randy nang mabanggit ito ni Christian, si Debbie pa ang hindi over. At ayaw naman ni Christian na pagsamantalahan ang damdamin ng ex niya, na itinuturing talaga niyang mabuting kaibigan. Gusto talaga minsan ni Christian tumanda na, para wag nang magkaroon ng ganitong klaseng problema.

Minsan na ring nabanggit sa kanya na kaya hindi niya minsan masabi kung sino si Debbie at sino si Debra ay hindi dahil kambal sila, kundi dahil si Debra ang gusto niya, at hindi si Debbie.

Mainit ang Mayo ng 2023. Dapat umaambon-ambon na, paparating na dapat ang tag-ulan. Pero salamat sa climate change, maulan noong Abril, at mainit na mainit ngayong Mayo. Dalawang araw pa bago sila mag-face to face classes ulit. Lokohan na lang naman, dahil nga malapit na ang graduation. Kaya wala, nagsayang na lang siya ng oras at buhay sa Internet. Talon lang siya nang talon, hindi man lang naiintindihan kung ano ang laman ng huling tab na nabasa niya. Nang magising siya, hawak pa niya ng kanyang cellphone, na padedbat na. Nakapag-scroll pa siya sa Facebook bago ito umiyak at magdilim.

Sinasak niya ito at pinag-isipan kung mag-iinternet habang nagcha-charge. Pero napatingin siya sa labas ng kanyang bintana. Hindi pala niya nababa ang blinds. Mabagsik ang street lamp na katapat ng kwarto niya. Tahimik pa sa kalsada, mga pusa lang ang rumoronda. Alas tres pa pa lang pala.

Binuksan niya ang kanyang laptop at naghanap ng porno. Wais si Christian. Nabasa niya ang babala noon ni John McAfee, na puro daw virus at malware ang mga porn site. Kaya, nagtiis siya ng isang taon, para lang makabili ng laptop na para lang talaga sa porno. Pero worth it, lagi niyang ginagamit. Ang nakakatawa, parang sapat na naman ang adblocker para maharang ang mga malware, at meron lang siyang libreng anti-virus. Hindi man napunuan ng porno ang butas sa kanyang puso, nakatulog naman agad ulit si Christian, at alas dose na ulit nagising.

Sa kusina, nag-iwan ng note ang tatay niya. Mayroon daw itong challenge. Kung magtagumpay siya, papayagan siya nitong pumunta sa kweba. “Hindi lang isang challenge, kundi serye ng challange,” sabi sa legal pad. “Ang unang bahagi: alamin mo kung ano ang challenge.”

Tinawagan niya si Randy, at ito naman ang mahilig sa mga puzzle. Sakto namang papunta na pala ito sa bahay nila. Tulad niya, gutom din si Randy sa harapang pagtambay. Sa mga kabarkada nila, ito lang iyong nagtatago ng cellphone pag kasama na si Christian. Nga lang, pagpasok pa lang nito sa sala, iba na ang nasa isip ni Randy. Para itong nasa gitna ng rant, na hindi naman napahiwatigan ng usapan nila sa cellphone. Nagrereklamo ito tungkol sa biniling ebook na textbook mula sa isang lokal na publisher. May password-password pa raw, at pinakamalala, kailangan nitong mag-download ng Adobe Digital Edition para mabasa ang textbook. “Hassle na nga,” sabi ni Randy, “pero sinubukan ko pa rin. Kaso sabi sa akin ng Google Play Store, hindi na raw compatible iyong bersyon ko ng Android doon sa app.”

Napairap si Christian. Imbes na kwestyunin kung bakit hindi na lang mag-download ng APK si Randy, pinagalitan niya ito. “Bakit ka pa kasi magbabasa ng textbook, e pa-graduate na tayo?” Bago pa man ito nakasagot, itinapat na niya ang note mula sa tatay niya sa mukha nito.”

“Hmm, parang anagram.”

Tumuloy sa sofa si Randy, hawak-hawak ang kapirasong papel. “Pwedeng mahiram ang laptop mo?”

Umakyat naman si Christian para kunin ang laptop. Pagkababa, nakita niya si Randy, nakaluhod sa harap ng Manila paper. Inusog nito ang sofa para mabuklat nang buo ang Manila paper. "Ayos lang ba?" May hawak itong pentel pen. "Hindi naman siguro magagalit dad mo?"

Pinagmasdan ni Christian ang mga pinagsusulat nito sa Manila paper. Mga letra ng note ng tatay niya, bawat isa may katabing number: a-12, b-1, c-2, e-2, g-2, h-3, i-1, k-2, l-2, m-2, n-5, o-4, t-1, u-3.

Sa kanyang loob-loob, nagtaas ng kilay si Christian, dahil kita namang iisa lang ang "c" sa note ng tatay niya. Pero ayaw na niyang distorbohin si Randy, na kinuha ang kanyang laptop at agad na pumunta sa command line. Pag lumalabas ang itim na screen, napapaatras siya. Pakiramdam niya, magkamali lang siya ng isang pindot, masisira na ang computer.

Iniwan na lang niya si Randy sa sahig. Alam niyang masisira lang ang concentration nito kung magtanong siya. Pagdating sa mga puzzle, sumisisid talaga ang kaibigan niya. Umakyat na lang ulit si Christian sa taas para kumuha ng twalya. Mga tatlumpong minuto rin siyang naligo. Pagbalik niya kay Randy, punit-punit na ang Manila paper, at nanonood na lang ito ng porno sa laptop.

"Hoy ano ka ba? Hindi 'yan para dyan!" Hinablot niya ang laptop mula kay Randy. Hindi rin niya alam ang gagawin, kaya nag-update na lang siya ng anti-virus.

"Alam mo bang mas makakasama pa ang anti-virus sa computer kaysa virus?"

"Tumahimik ka nga, wala kang silbi. Pa-anagram-anagram ka pa dyan."

"Managing a banana hugging collage lake nonhuman."

"Anong pinagsasabi mo?"

"Iyan iyong anagram ng message ng dad mo."

"Wala namang saysay!"

"Hindi ba may lake sa tabi ng kwebang gusto mong puntahan?"

Napatigil si Christian. Oo, ang Kale River. Noon pa niya ito sinabi kay Randy, dahil noon pa niya pangarap magpunta ng kweba. Pero samantalang siya, nakalimutan na ang tungkol sa ilog na iyon, si Randy, kinuha ulit ang laptop para manood ng porno, nakatatak ang impormasyon sa utak.

"Ang lake ang Kale River. Ang nonhuman, syempre, ang mga bampira." Ang mga bampira ang dahilan kung bakit niya gustong puntahan ang kweba. Ang sabi ng tatay niya, totoo raw na may mga bampira doon. Sinasamba raw ng mga tagaroon ang mga bampira. Hindi pumapatay ang mga bampira ng hindi nanggugulo sa kanila. Pero, pag nagustuhan ka nila, pwede ka nilang bigyan ng pabuya. Hindi lang imortalidad. Bagaman gusto rin naman ni Christian na wag mamatay, mas may mahalaga para sa kanya. Ang pagkakaroon ng limpak-limpak na pera, para mabayaran ang pagkakansangla ng bahay nila, at mapauwi ang kanyang nanay mula sa abroad.

Syempre pa, sa sandaling magdesisyon siya, sa sandaling piliin niya kung ano ang pinakamahalaga, doon siya tutuyain ng duda. Halos hindi tumatagal ng isang lingo ang commitment niya sa lahat ng sinabi niyang kanyang huling ideyal. Tao lang. Baka imbes na bigyan ng pabuya, kainin siya ng mga bampira. Matalas daw ang mga ngipin nito, bagaman sungki-sungki.

"Ano iyong banana?"

"Ikaw, tanga."

"Anong--? Ay." Napahiya siya. Pero sino naman kasi ang taong nasa isip lagi ang apelyido na hindi naman pulitiko? Para lang ilong iyon, lagi mong nakikita pero hindi nire-register ng utak mo. Para hindi magulo ang eyesight mo. "O sige, aber, ano iyong collage?" Ang managing, syempre, ay ang pagmamando sa kanya ng tatay niya.

Nagkibit-balikat si Randy, nakatutok sa video ng dalawang negro. "Artist ba ang dad mo? Ang mom mo? Alam ko ikaw hindi."

Nagsuklay na lang si Christian habang nag-iisip. Baka naman iyon ang challenge, ang paghahanap ng collage? Pero hindi e, ang challenge ay ang pagiging tatay. Ano ba ang sinasabi ng tatay niya sa kanya? Challenge na palakihin siya, ganoon? Sa sobrang pagkalulong niya sa misteryo, napansin man niyang dala-dala ni Randy papuntang banyo ang kanyang laptop, hindi na niya ito pinigilan.

Lumipas ang sampung minuto, hindi pa rin niya maarok kung ano ang tinutukoy ng tatay niya sa collage. Lumabas si Randy sa banyo, masaya. Iniabot nito ang laptop sa kanya, pero hindi ito hinawakan ni Christian. Sana man lang kung tumae si Randy kasama ito. Sana kung tae-tae lang ang tumalsik sa monitor at keyboard nito. Pero anoman ang pagkukulang ng kanyang kaibigan, hindi pa rin niya ito maaway. Kung wala ito, hindi man lang niya naisip na anagram ang note ng kanyang tatay.

"Mamaya na iyan," sabi ni Randy. "Kain na lang muna tayo. Sige na, treat ko. Nagugutom na ako."

"Pakababoy na tao nito." Dala-dala ang note, mas nauna pang lumabas ng bahay si Christian. "I-lock mo a. Saan mo gustong kumain?" Sa labas, ginamit niyang drum ang hood ng kotse ni Randy. Custom made ito. Ang ultimate brand, sabi ni Randy, ay walang brand.

Ang gusto sanang puntahan ni Christian, mall. Pero gustong pumunta ni Randy sa Quezon City Memorial Circle, at dahil ito ang may-ari ng kotse, doon sila pumunta. Mabilis magmaneho si Randy, at wala itong konsepto ng lane. Madalas ay nakababad ito sa gitna ng dalawang puting bloke, at pag binubusinahan ay nagagalit. Hindi ito umaatras pag may kagitgitang bus o trak, at hindi sinasanto ang mga nakabisikleta. Ang kalakhan ng poot nito'y nakalaan para sa mga nakamotor ("Mga salot!") at sa mga pedestrian ("May footbridge naman!" lagi nitong sinasabi, kahit na walang footbridge, at sa pedestrian lane sila dumadaan). Hindi alam ni Christian kung saan siya mas natatakot pag sumasakay sa kotse ni Randy: na mabangga sila't mamatay, o na makakasagasa ito't makapatay. Sabi ni Randy, 16 pa lang ay marunong na itong magmaneho. Tinuruan daw ito ng tatay noong lockdown. Ngayon, 18 na ito, at dalawa lang ang posibilidad: hindi ito natutong magmaneho, o lumala ito mula noong 2020. Nga lang, ito lang ang may kotse sa barkada nila, kaya ang paraan ng pagmamaneho ni Randy ang kailangan nilang tiisin. Galante naman ito, at laging tumatanggi sa pagtatangka nilang mag-chip in para sa gas.

Kung anong bilis ni Randy sa kotse, ganoon naman ang bagal nito sa traysikad. Ito ang dahilan kung bakit ito laging nagyayaya sa Circle. Gaano man sila karami, dalawa man o lima, lagi nitong igigiit na sumakay sila ng traysikad, at ito ang magpepedal. Minimum na dalawang ikot ang kailangan, kundi magdadabog ito. Noon pa man sa junior high school sinabi na ni Randy ang dahilan sa likod ng kanyang pagmamahal sa traysikad: noon daw bata ito'y hindi pinayagan ng kanyang "mom" na magbisikleta na tatlo ang gulong. Mabuti pa ang mga mayaman, laging iniisip ni Christian, may dahilan para maging wirdo.

Tiniis na lang niya ang sakay nila. Oportunidad din ito para makapag-isip lalo sa puzzle ng kanyang tatay. Tahimik si Randy pag nagpepedal, animo'y nagyoyoga sa mabagal na pag-inhale at exhale kasabay ng ikot ng mga gulong. Sinisid na lang ni Christian ang sariling isip.

Nagkalat ang mga batang lansangan sa Circle. Mga edad 9 o 10, pero mukhang 6 pa lang. Madungis ang mga ito, nanuyo na ang uhog sa ilog. May namigay siguro ng sando at shorts at isang tsinelas (hindi isang pares), dahil pare-pareho sila ng get up. Samantalang 72 ang average na inaabot na edad ng mga lalakeng Filipino, halos 80 sa bawat 1,000 bata sa Pilipinas ang namamatay bago umabot ng adolescence. Si Randy, awang-awa, palagiang nag-aabot ng tigpipiso. Si Christian, takot sa mga batang lansangan. Pakiramdam niya, mahahawaan siya ng mga ito ng kahirapan. Alam niyang mali. Alam niyang mas malapit pa siya sa mga ito kaysa kay Randy, kung precariousness lang ng buhay ang pag-uusapan. Pero mabantot ang mga bata, at nandidiri siya sa mga ito.

"Bilisan mo uy," sabi ni Christian.

"Ay, sige," sabi ni Randy. Swerte at hindi nito napansin ang maliit na babaeng papalapit sa kanila.

Nakatatlong ikot sila ngayon araw. Hingal na hingal, nanlibre si Randy ng burger, fries, at milk tea. Nagsimula na itong magsalita ulit, kaya hindi na rin napag-isipan ni Christian ang puzzle. Pinagmasdan na lang niya si Randy. Hindi ito katangkaran, malaki ang mga tenga, pero matangos ang ilong. Hindi ito maputi, pero hindi rin maitim. Matatawag na olive ang kulay ng balat nito. Magulo lagi ang buhok ng lalake, at hindi nagbubuka nang malaki pag tumatawa, kahit tawang-tawa. Lagi lang quarter moon ang buka ng bibig. Sabi nito, hindi lang traysikad ang pinagkait ng kanyang "mom," pero tungkol sa mga bagay na iyon, "Mas mabuti nang maging tahimik."
"May naisip ka na ba?" tanong ni Randy. Maingay itong kumain, talsik laway.

"Wala nga e. Series daw, e una pa lang di ko na ma-solve. Tang ama ko rin e." Natawa siya sa sariling joke. "Bakit ba kasi ganito pa ang naisip ni Tatay?"

Maingay na hinigop ni Randy ang kanyang milk tea. Nasamid ito sa isang pearl.

Tumayo si Christian para hampasin, marahan lang, ang likod ng kaibigan. "Alam mo bang unhealthy iyan? Daming calories niyan."

"Kaya siguro masarap. Tingan mo iyang iyo, anong lasa?"

Hinigop ni Christian ang kanyang wintermelon. "Matamis pa rin naman."

"Siguro gusto ka niyang pagurin. Impossible challenge ang ibinigay niya sa iyo, pero pwede niyang sabihing binigyan ka niya ng pagkakataon para makuha ang gusto mo."

"Siguro nga." Nagsalumbaba si Christian. Gusto sana niyang ulitin ang ama joke niya, pero hindi na nga bumenta noong unang beses, baka mapahiya lang siya. "Daming lamok," sabi niya. Hinaplos-haplos niya ang kanyang binti. Dapat talaga hindi siya nag-shorts. Lagi pa naman siyang hiniritan ni Randy na balbon.

Lumapit sa kanila ang isang batang babae. Baka nga ito iyong batang babae kanina. Ibinigay ni Randy ang natitira nitong fries.

"Bakit mo binigyan?" tanong ni Christian. "Ngayon sasabihin niya sa mga kasama niya na namimigay tayo ng pagkain."

Nagpunas ng tissue sa bibig si Randy. "Wala na naman akong maibibigay."

"E ako meron pa!" sabi ni Christian. Wala pang kalahati ang bawas niya sa burger, at hindi pa niya natitikman ang kanyang fries.

"Wag mong bigyan, hindi ka naman nila mapipilit."

"Ano ka? Namimilit ang mga iyan. Pag hindi ka nagbigay, hahawakan nila ang pagkain mo."

"Siraulo, ano bang pinagsasabi mo?"

"Maniwala ka sa akin. Ikaw kasi, walang batang hamog sa inyo."

"Sa inyo, pareho lang tayong taga-QC."

"Hay naku, ayan na o. Halika na." Isinubo ni Christian nang mabilis ang kalahati ng kanyang burger, sabay hablot sa fries. Naglakad siya nang mabilis nang hindi tinitingnan kung sumunod sa kanya si Randy.

Sa parking lot siya dumiretso. Marami ding batang lansangan dito, pero ubos na niya ang fries. Inubos niya rin agad ang kanyang wintermelon. Nag-aya si Randy na pumunta ng mall, naramdaman siguro ang pagkabadtrip niya. Pero badtrip na nga si Christian, dahil sa mga batang lansangan, at dahil sa walang kapararakang challenge ng tatay niya. “Uwi na lang tayo,” sabi niya kay Randy.

Himala, mabagal-bagal itong magmaneho pabalik sa bahay nina Christian. Nakadalawang busina lang ito sa mga motor, mababa ng 80% sa average nitong 10.

Nasa sala ang tatay niya, sa sahig. Binabasa nito ang mga pinagsusulat ni Randy sa Manila paper. “Ano ito?” tanong ng tatay ni Christian.

“Puzzle mo, ‘Tay,” sagot niya.

“Anong pa--aaa… Sineryeso mo pala.” Tiniklop nito ang Manila paper, saka tumayo. “Masyado ka talagang seryoso, anak. Sige na, payag na ako. Pumunta ka sa kweba. Kailangan mo yata ng bakasyon.”

Hindi alam ni Christian kung magagalit siya dahil nasayang ang maghapon niya, o matutuwa dahil natanggalan na naman ng isang sagabal sa kanyang mga plano. “Thank you, ‘Tay,” sabi niya. Sa sandaling iyon, mas mainam naman talagang tingnan ang positibo sa panloloko sa kanya.

Kung gaano siya kasaya noong gabi, ganoon naman siya kaasar noong umaga. Nagkakamot palang siya nang bumulaga ang mensahe ni Randy: hindi daw ito makakasama sa kweba. Ang masama pa, wala man lang paliwanag ito. Wala man lang sorry. Basta hindi ito makakasama. Para bang: wag ka nang magtanong, wag ka nang mangulit. Hindi alam ni Christian kung saan siya mas magagalit, sa pag-abandona nito sa kanya, sa kanila, o sa paraan nito ng pag-announce ng masamang balita. Madaling araw ito nag-message, naghintay pa talagang mag-alas dos bago magpasabog. Buti na lang ngayong umaga lang niya nakita. Inilagay niya sa ilalim ng unan ang kanyang cellphone, hindi pinapansin ang iba pa niyang notification. Kailangan niyang magdesisyon.

Inisip niyang puntahan ito sa bahay sa sosyaling subdivision. Inisip niyang magsumbong sa iba nilang kaibigan. Sa huli, tinamad na lang siya. Baka ang dami ng pumipigil sa kanyang pumunta sa kweba ang senyales ng Diyos na hindi niya ito dapat puntahan.

Bumaba siya sa kusina. Naghanda siya ng cereal, iyong chocolate. Ang hilig niya iyong tingi, iyong nabibili sa sari-sari. Hindi niya maipaliwanag, pero mas masarap ito, kaysa iyong galing sa kahon. Sariwa kasi, sabi ng utak niya, kahit na alam niyang processed food ito. Dahil nga galing sa pack. Kumbaga, walang singaw.

Nagmumuni-muni pa rin siya tungkol sa sarap ng cereal nang pumasok si Gregorio sa bahay nila. Umiiyak ito. "Hoy, bakit hindi ka sumasagot sa tawag ko? Maski messenger, hind ka nagre-reply."

"Ayoko kasi na kasama ang cellphone pag agahan," sabi ni Christian. "Ayokong Google at Facebook ang nagdidikta ng gagawin ko sa umaga. Hindi social media website ang nagsabi sa kanyang pumunta sa kweba."

"Well, Mr. Hipster, alas diyes na, halos hindi na umaga. At pangalawa, nawawala si Randy!"

Hindi maintindihan ni Christian ang pinagsasabi ni Gregorio, at isa pa hindi niya maintindihan kung paano ito nakapasok nang hindi niya pinagbubuksan. Posible bang naiwan ng tatay niya na hindi naka-lock ang pinto nila? Nagmamadali siguro ito, kung ganoon nga ang nangyari. Hindi nito kahit kailan nakakalimutang i-lock ang pinto.

Susubo sana ng cereal si Christian nang binulaga siya ng atungal ng kambal. Nakapantulog pa ang mga ito, wala man lang bra si Debra. Iniwas ni Christian ang kanyang mga mata. "Anong nawawala?" tanong niya kay Gregorio.

"Wala raw sa bahay nila. Hindi naman nagpaalam na aalis. Ni-review ng daddy niya ang CCTV nila, wala raw record nang pag-alis niya. Pero wala siya sa bahay."

"Baka nag-ano, ano 'tong paborito niya laging sabihin. Cape of invisibility."

"Cloak!"

"E di cloak!" Hindi niya matiis. Iniwan niya ang tatlo. Pagkababa ulit, dala na niya ang twalya. "Takpan mo nga 'yang mga 'yan!" sabi niya kay Debra. Himala, wala pang five minutes niyang nawala, nagawa na nilang maghanda ng sari-sariling agahan. "Ba't ako pinuntahan ninyo, mukha ba akong pulis?"

“Nakita nila ‘yung cellphone ni Randy. Ikaw ang huling kausap.”

“Nakakainis nga ‘yan, alam mo ba? Hindi raw siya sasama sa kweba! Kung kailan sa wakas pinayagan na ako ni Tatay, saka naman siya ang nanlaglag.”

“Hindi ka ba nakikinig, Chris? Nawawala si Randy, at ikaw ang huling kausap.”

Kumuha ng tubig sa ref si Christian. “Alam mo, spoiled brat ‘yan. Kaya malamang, meron siyang bat cave. Kaya siguro siya hindi nakita sa CCTV, kasi sa underground tunnel siya dumaan. Malamang nasa Boracay ‘yan, o Singapore.”

Nagtaas ng kamay si Debra, parang nagre-recite sa klase. Hindi pa rin nito pinantakip ang twalya. “Ano po ang bat cave?”

Binagalan talaga ni Christian ang pagligo, pero sa huli, sumama rin siya sa mga kabarkada papunta sa bahay ng mga Nacion. Kahit nagtatampo siya kay Randy, at kahit alam niyang malamang nagtatago lang ito, marami-rami ang kwarto sa bahay ng mga Nacion, kung may posibilidad man na nasa panganib ito, syempre gusto niyang tulungan ang kaibigan niya.

Kung anong bilis ni Randy magmaneho, ganoon naman kakupad si Gregorio. Alas-dose na sila dumating sa mansyon. El Casa Nacion, lagi nilang binibiro si Randy. Ang pinakamalaking bahay sa subdivision ng mga malaking bahay.

Sinalubong sila ng humahagulgol nitong batang kapatid. “Kuya Greg!” sigaw nito kay Gregorio.

Natagpuan na raw nila si Randy. Wala na ito.

Sa libing na nilang magbabarkada nalaman ang nangyari sa kanilang kaibigan. Nag-overdose daw ito, sa heroin. Hindi naman alam ni Christian na drug user si Randy. Hindi man lang nga raw user e. Adik daw. Noon pa raw pre-pandemic ito nagsimula. Ito ang nakuhang impormasyon ng kambal mula sa mommy nito. Ang kumpisal ni Gregorio ang nagpalinaw, kahit papaano, sa lahat.

Labing apat na taong gulang daw sila unang sumubok ni Randy. MJ daw, pagkatapos shabu. Dahil sa lockdown, nawalan si Gregorio ng supply. Si

Randy, hindi. Hindi raw ito tumigil. Ilang beses nang sinubukan ni Gregorio na isumbong ito sa Nacion, pero baka raw kasi isumbong siya nito sa kanyang mga magulang. “Ako kasi ang nagyaya sa kanya sa weed. Pero, siya ang nagyaya sa akin sa shabu.”

Gusto mang magalit ni Christian kay Gregorio, hindi niya magawa. Pulang-pula na ang mga mata nito. Nakaupo ito sa pader ng isang mausoleum. Kakatapos lang ng kainan sa libing, at hindi na sila umalis sa sementeryong magkakaibigan. Dito sa may masuleom sila naglabasan ng alam. Si Christian lang ang wala naidagdag na impormasyon. At iyon ang dahilan kung bakit hindi niya magawang magalit kay Gregorio, kung bakit niya ito niyakap at hinayaang basain ng uhog ang kanyang puting-puting polo shirt. Ang tanging taong kinagagalitan ni Christian ay ang kanyang sarili. Bakit hindi niya kilala ang Randy na nagsusubok sa MJ? Bakit hindi niya kilala ang adik na Randy? Ang Randy na may problema? Bakit itinago ni Randy ang bahaging ito ng buhay sa kanya? Dahil ba alam nitong manghuhusga siya? O dahil hindi man lang talaga siya kaibigan nito? Sino ang Randy na kasama niyang magbisikleta? Ang Randy na ka-chat niya gabi-gabi?

Nag-tribute sila kay Randy sa graduation. Itinago ng mga Nacion ang katotohanan tungkol sa pagkamatay nito, at silang apat, sumumpa na walang ibang makakaalam ng sikreto ni Randy. Nagsalita si Gregorio sa harap ng graduating class tungkol sa kanilang kaibigan. Mabait. Masipag. Woke. Mabuting anak. Mabuting tao. Animo’y santo ang pinaparangalan.

Pagkatapos ng graduation, nagkawatak-watak sila. Sinubukan pa nilang manood ng sine isang beses, pero nagkatulakan lang sila ni Gregorio sa pila. Hindi na alam ni Christian kung ano ang trigger, basta siya ang unang nanulak, at siya ang nag-walkout. Malayo na rin ang loob nila sa isa’t isa sa puntong iyon, at ang pinakamalaking regret niya ay ang nasayang na pera sa hindi nagamit na ticket. Nag-leave group siya sa chat nila. Nag-delete na rin siya ng kanyang social media accounts. Nagbago siya ng cellphone number. Isa na namang kasayangan, ng oras naman, dahil kinailangan niya ulit mag-sim registration.

Huling linggo ng Hulyo, huling linggo ng bakasyon bago siya magkolehiyo, may kumatok sa pinto nila. Nagpakabit ng peehole ang tatay niya (nakalimutan nga nitong i-lock ang pinto noong araw na nawala si Randy) at nagulat si Christian sa nasilip niya. Si Debra pala ang kumatok. Gusto sana niyang magpanggap na walang tao sa kanilang bahay, pero na-curious din siya kung bakit ito nagparamdam bigla. Pinagbuksan niya ito ng pinto.

"Debra 'to, Chris," sabi nito.

"Alam ko," sabi niya. Mula nang araw na iyon, alam na niya kung paano ito i-diffentiate kay Debbie. Dinala niya ang babae sa kusina. Inalok niya ito ng cereal, na pinaunlakan naman nito. "Kamusta?" sabay nilang sabi.

Tumawa si Debra. "Na-miss ka namin sa 40 days ni Randy a. Tsaka sa 100 niya."

Sinubukang mag-compute ni Christian sa kanyang utak. Totoo bang 100 araw na ang lumipas? Anong pinaggagawa niya sa 100 araw na iyon? "Pasensya na," sabi niya. "Busy lang. Kayo rin, hindi ba?" Bago siya mag-delete ng social media accounts, nakita niya ang picture ng kambal sa Georgia. Nagski ang dalawa. "Si Debbie, hindi mo kasama?"

"Kilala mo naman 'yon, ayaw sa confrontation."

Kilala nga ba niya? Kaibigan ba niya talaga ang mga taong ito, e ibang-iba naman sila ng problema, ibang-iba ng buhay. Hindi na lang nagsalita si Christian. Siya na nga ang pinuntahan sa bahay, siya pa ang mang-aaway. "Nadalaw ka?"

"Nilipat nila si Randy. May mausoleum din na siya. Naisip ko lang, baka hindi mo alam. Baka gusto mo siyang dalawin."

Syempre hanggang sa libingan, kailangang mas mamahalin ang kay Randy Nacion. "May aircon ba?" Sobra ang init kay Hulyo. Hindi niya akalaing mangungulila siya sa bagyo.

Akala niya magagalit si Debra sa joke niya. Imbes, dinakma siya nito, at hinalikan.

Itinulak niya palayo ang babae. "Ano ba? Alam—"

"Kailangan ko 'to, Chris," sabi ni Debra. "Kailangan kong may maramdaman."

Dinala niya ito sa kwarto. Nandiri si Christian sa ginawa niya, pero siya rin siguro, kailangang may maramdaman. Mas mabuti na rin sigurong diring-diri kaysa manhid.

Pagkatapos, nag-vape ito sa kama. Nagkwentuhan sila. Mag-a-abroad pala ito. Si Debbie ang mananatili sa Pilipinas, sa Ateneo kasi nakapasok.

"Best school in the Philippines," sabi ni Christian. Hindi na niya sinabi kung saan siyang school nakapasok. Siya ang may upper hand, ito ang nagmamakaawa sa kanya.

Pinagmasdan niya ito habang nagbibihis. "May gusto ka bang—?"

Tumango si Christian.

Ginabi sila. Doon na naghapunan si Debra. Inabutan ang babae ng tatay niya. Tuwang-tuwa ito. Kahit na may kotse si Debra, iginiit ng tatay ni Christian na ihatid niya pauwi ang babae.

Hindi pa-Fairview ang naging direksyon nila. Ipinagpalagay na lang ni Christian na sa ikalawang bahay, o condo nito, papunta si Debra. Huli na nang mapansin niyang nasa Quirino sila.

"Ayoko Debra," sabi ni Christian.

"Sinabi mo rin iyan noon," sabi ni Debra. "Sinabi mo rin kanina."

Sarado na ang gate. Pinigil sila ng guard. Narinig ni Christian kung paano ito sinuhulan ni Debra. Wala bang pintong hindi mabubuksan ang mga mayaman? Dapat mahimbing na ang mga pumanaw sa sementeryong ito, pero heto, dinidistorbo nila. Samantalang ang nanay niya, kailangan na yatang mag-TNT. At ang tatay niya, nakakatanggap ng death threat mula sa organisasyon ng kliyente.

Geely ang kotse ni Debra. Bilib si Christian sa mga Chinese. Hindi siya racist tulad ng mga dating barkada.

Maliwanag sa sementeryo, may street lamp halos kada isang daang metro. Daig pa ang mga kalsada sa labas. Ngumuso si Debra pakanan. Nang matanaw ni Christian ang hilero ng mga mausoleum, inakala niyang sa mga Nacion ang pinakamalaki. Pero hindi. Ikalawang pinakamalaki lang pala.

Nang malapit-lapit na sila, bwisit na Debra sa malayo pa nagpark, napatigil si Christian. Magsasalita pa sana ang babae, pero itinaas niya ang

kanyang kamay. Bukas-palad, tumahimik ka. Hindi na niya pinatulan ang kawirduhan nito, iika-ika na nga ang babae.

Nagnakaw si Christian ng mga sariwang bulaklak mula sa puntod ng isang lola. “Pasensya na po. Nabuhay naman kayo ng…” Kinalkula niya ang edad base sa nakasulat sa puntod. “Wow, 81 years! Anlaki ng lamang ninyo!” Inamoy niya ang mga bulaklak, isang bouquet, puti. Mabango ito.

Hindi na siya dapat nag-grave robbing. Sa may steps pa lang, amoy na niya ang sandamakmak na bulaklak sa loob ng mausoleum ni Randy. “Paano nga pala tayo papasok?” tanong niya kay Debra. Hindi ito sumagot. Wala pala ito sa tabi niya. Lumingon si Christian. “Hoy!” sigaw niya rito.

Ilang metro ang layo nito mula sa kanya. Sumenyas ito, tumutulak.

Itinulak ni Christian ang pinto. Bumukas naman ito.

## PAANO KO ISINULAT ANG "ANG BAMPIRA SA HANGGANAN"

Bagaman may mga susing maikling kwento sa Pilipinas ("Tata Selo," "Utos ng Hari"), sa tingin ko, dahil sa dominasyon ng nobela (dahil kay Rizal) at tula (dahil kay Balagtas), hindi naibibigay sa maikling kwento ang nararapat na pwesto nito sa imahinasyon ng mga manunulat na Filipino. Lahat naman ng Filipinong manunulat, may naisulat na maikling kwento. Pero mas gusto nilang makilala bilang mandudula, makata, kritikiko, nobelista, na nagsusulat din ng maikling kwento. (Mas kaunting sinasabi tungkol sa mga taong tinatawag ang sarili na "sanaysayista," mas mainam.)

Nga naman, dahil si Rizal ang sentral na figura sa ating imahinasyon bilang bayan ng manunulat, at si Rizal ay, sa primarya, nobelista, mananatili ang nobela bilang anyo na papanagarapíng mamaster ng mga manunulat, bata man o batang isip. Bakit ba nobela ang tawag natin sa nobela? Lampas 90 taon na mula nang huling may nagsulat na bagong nobela. Bakit nga ba maikling kwento ang tawag natin sa maikling kwento? Dapat, kwento lang. At ang nobela, dapat tawaging mahabang kwento.

Kasama ang "Bampira sa Hangganan" sa binubuo kong koleksyon ngayon na may tentatibong pamagat na "Mga Dakilang Tao." Nagdududa ako sa sarili ko, dahil baka pare-pareho ang tunog ng mga kwento. Ito ang isa sa mga hamon na kinakaharap ng manunulat ng maikling kwento na hindi siguro naiisip ng nobelista. Mas mainam nga sa nobela na konsistent ang tone, ang diction, dahil, kung kumbensyonal itong nobela, dapat ay dinodomina ito ng isang kamalayan, at kailangang may kaisahan ang kamalayang iyon. Hinihiling sa sinomang gagawa ng koleksyon ng maikling kwento ang varayti, sa punto de bista, sa lunan, sa tauhan. Kailangan ang bawat pyesa sa koleksyon ay bago. Baka nga ang koleksyon ng maikling kwento ang mas may karapatang tawaging "novel."

Nagsimula ang "Bampira" sa anekdota ni Chekov, na naengkwentro ko sa "Mga Tesis sa Maikling Kwento" ni Piglia (2011): Isang sugarol ang nanalo ng isang milyon sa casino. Umuwi siya at nagpakamatay. Dalawang kwento raw ang laging ikinuwento ng maikling kwento, ayon kay Piglia. Sa klasikong maikling kwento, nagiging surpresa sa dulo ang lihim na kwento. Sa modernong maikling kwento, ikinukwento ang tensyon ng dalawang kwento nang walang resolusyon sa dulo. Kung si Hemingway daw ang magsusulat ng anekdota ni Chekov, isusulat niya ang lahat ng detalye ng pagsusugal, nang hindi binabanggit ang kauuwiang pagpapakamatay ng protagonista, kahit na alam niya (ni Hemingway) at ng mambabasa, na

ito ang magaganap sa "dulo." Sa bersyon naman ni Kafka, ikukwento ang pagpapatiwakal na para bang wala lang, pagkatapos ang kwento ng casino ang nakakatakot at kakaiba.

Ang kwento ng pagsusugal sa "Bampira" ay ang kagustuhan ni Christian na pumunta sa kweba. Ang kwento ng pagpapakamatay ay ang pagkaadik ni Randy sa heroin. Kung naging matagumpay ako, alam na ng mambabasa ang kondisyon ni Randy (ang pagiging adik at ang maaari maging hantungan nito) bago pa man matuklasan ni Christian ang lahat. Kaya, samantalang magugulat si Christian sa nangyari kay Randy ("Kahapon lang ay magkasama kami sa Circle!"), oportunidad ito para sa mambabasa na namnamin ang bone marrow ng hindi pagkakakilala ni Christian sa sarili niyang pinakamatalik na kaibigan.

Kung ang nobela ay pelikula, ang maikling kwento ay episode sa isang TV show. Hindi gaanong akma ito, dahil walang episode ng TV show na tumitindig mag-isa. Kahit ang mga "anthology" tulad ng True Detective ay binubuo pa rin ng walong episode. Gayundin ang mga "limited series." Maaaring sumulat ng mga konektadong kwento, at ang isang koleksyon ay ituring na isang season ng palabas sa telebisyon. Pwede itong tawaging episodikong piksyon. Siguro mas mainam ikumpara ang mga maikling kwento sa mga episode ng Maalaala Mo Kaya. Magkakaugnay lang primarya ang mga palabas dahil sa signifier, MMK, at ang mga maikling kwento naman ay magkakaugnay dahil ibang signifier, ang byline. Pareho ang estruktura ng mga episode ng MMK, gayundin ng mga maikling kwento (ko). Pare-pareho ang dating na nais kong i-accomplish. Ang mambulabog.

**Sanggunian**

Ricardo Piglia, "Theses on the Short Story." New Left Review. Vol. 70, July/August 2021.